
1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Nakakikilala ng mga Gawaing Nagpapakita ng Pagkakabuklod ng Pamilya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: NakakIkilala ng mga Gawaing Nagpapakita ng Pagkakabuklod ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Teresa M. Mateo |
| **Editor:** | Glaffy B. Cureg |
| **Tagasuri:** | Eva O. Dela Cruz, Richard Ponhagban |
| **Tagaguhit:** | Gemma Dumalag |
| **Tagalapat:** | Jay-Ar A. Ulep |
| **Tagapamahala:** | Benjamin D. Paragas<br>Jessie L. Amin<br>Octavio V. Cabasag<br>Rizalino G. Caronan<br>Romel B. Costales<br>Samuel P. Lazam<br>Emelyn L. Talaue |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4: Nakakikilala ng mga Gawaing Nagpapakita ng Pagkakabuklod ng Pamilya

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.
Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahan na nakakikilala ng mga gawaing nagpapakita ng pagkakabuklod ng pamilya tulad ng:

- Pagsasama-sama sa pagkain
- Pagdarasal
  (EsP1PKP-Ig-6)
- Pamamasyal
  (EsP1PKP-Ig-6)
- Pagkukuwentuhan ng masasayang pangyayari
  (EsP1PKP-Ig-6)

# Subukin

Lagyan ng hugis ♡ ang maaari mong gawin habang kayo ay nagdarasal.

________1. Ipikit ang mga mata.

_______2. Kumain habang nagdarasal.

_______3. Iyuko ang ulo.

_______4. Makipagkuwentuhan.

_______5. Sumabay sa pagdadasal.

| Aralin 1 | Pagsasama-sama sa Pagkain at Pagdarasal |
|---|---|



BASAHIN AT UNAWAIN ANG KUWENTO

## Ang Aming Mag-anak

Ang aming mag-anak ay sama-samang kumakain. Bago kumain, kami ay nagdarasal muna. Masaya kaming nag-uusap habang kumakain, ngunit kapag puno ang bibig ay hindi muna kami nagsasalita at bagkus nginunguya namin nang dahan-dahan ang pagkain, at nagtatakip ng panyo.

## Balikan

Isulat ang Tama kung nagpapakita ng pangangalaga sa sarili at Mali kung hindi.

_______ 1. Maligo araw-araw.

_______ 2. Magsipilyo ng ngipin tatlong beses sa isang araw.

________ 3. Magtampisaw sa tubig- ulan.

________ 4. Magsuot ng malinis na damit.

________ 5. Maghugas ng kamay bago kumain.


## Tuklasin


PANUTO: Isulat ang tamang sagot sa mga sumusunod na tanong.


1. Sama-sama ba kung kumain ang aming mag-anak?
2. Ano ang aming ginagawa bago kumakain?
3. Nagsasalita ba kami kapag puno ang bibig?
4. Paano namin nginunguya ang pagkain?
5. Kung kailangang takpan ang aming bibig, ano ang aming gagamitin?

## Suriin

Masdan ang mga larawan. Alin sa mga ito ang tamang gawain kapag nasa hapag-kainan? Lagyan ng tsek (✓).



# Pagyamanin

Basahin ang sumusunod na tanong. Lagyan ng tsek (✓) ang kaukulang hanay na naaayon sa iyong kasagutan.

| Tanong | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Oras na upang kumain, tinawag ka ng iyong nanay para kumain, sasabay ka ba? | | |
| 2. Hindi mo maabot ang ulam, pipilitin mo ba itong abutin? | | |
| 3. Nagdarasal ba ang inyong mag-anak bago at matapos kumain? | | |
| 4. Nagsasalita ka ba kapag puno ng pagkain ang iyong bibig? | | |
| 5. Nag-aaway ba ang inyong mag-anak habang kumakain? | | |

# *Isaisip*

Ang pagsasama-sama sa pagkain ay nagpapatibay ng samahan ng bawat kasapi ng pamilya. Ang sama-samang pagdarasal bago kumain ay isang magandang gawain.

# I*sagawa*

Isulat sa loob ng kahon ang maaaring mangyari sa inyong pamilya kung lagi kayong sama-sama sa pagkain at pagdarasal.

## Tayahin

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Tinatawag na kayo ng nanay upang kumain, ngunit hindi pa tapos ang GOING BULILIT na pinapanood mo sa telebisyon. Ano ang dapat mong gawin?

   a. Tapusin mo muna ang pinapanood mo.

   b. Patayin muna ang telebisyon at sumabay sa pagkain.

   c. Huwag pansinin ang nanay.

2. Gutom na gutom ka na ngunit kailangan pa ninyong magdasal bago kumain. Ano ang dapat mong gawin?

   a. Kumain na habang nagdadasal.

   b. Hintayin muna na matapos magdasal bago kumain.

   c. Pagalitan si nanay at sasabihin huwag nang magdasal.

3. Gutom na gutom ka na at masarap ang ulam na niluto ni nanay. Ano ang iyong gagawin?

    a. Mauna ka nang kumain at ubusin lahat ng ulam.

    b. Ilakas ang pagnguya.

    c. Hintayin mo na maghain si nanay para sabay-sabay kayong kumain.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Iguhit sa loob ng kahon ang inyong mag-anak na sama-samang kumakain.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin |
| --- | --- | --- |
| 1. ♡ | 1.tama | 1. opo |
| 2. | 2.tama | 2. magdasal |
| 3. ♡ | 3.mali | 3. hindi |
| 4. | 4.tama | 4. dahan - dahan at naka takip ng panyo ang bibig |
| 5. ♡ | 5.tama | |

| Suriin | Pagyamanin | Tayahin |
| --- | --- | --- |
| 1. / | 1. Oo | 1. b |
| 2. X | 2. Hindi | 2. b |
| 3. / | 3. Oo | 3. c |
| | 4. Hindi | |
| | 5. Hindi | |

## Subukin

Isagawa ang sumusunod.

1. Mag-isip ng isang lugar na nagsasama-sama ang inyong pamilya. Balikan ang inyong karanasan kung papaano ninyo isinagawa ang pamamasyal na nagbibigay ng kasiyahan sa inyong pamilya. Gumawa ng maikling talata tungkol dito.

# Aralin 2

# Pamamasyal



Ang pamamasyal ay isang gawaing nakapagbubuklod sa isang pamilya. Nagkakaroon ng pagkakataon ang mga kasapi nito na ipadama sa isat-isa ang kanilang pagmamahalan. Nagkakaroon sila ng pagkakataon na bumuo ng isang masayang alaala na lalong nagpapatibay sa kanilang pagsasama bilang pamilya.

Sabihin: Ito ang pamilya ni Mang Joven. Namamasyal sila sa parke. Masasaya ang kanilang mga anak na sina Jaycee, John at Jasmin. Pati na rin ang kanilang mga magulang na sina Mang Joven at Aling Teresa. Nagbibisikleta si Jaycee, nagpapalipad naman ng saranggola si John at naglalaro naman ng jackstone ang bunsong si Jasmin.

## Balikan

Sumulat ng tatlong dahilan kung bakit kailangang sama-sama ang pamilya sa pagkain at pagdarasal.

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

## Tuklasin

1. Sino-sino ang mga nasa larawan?

______________________________________________

______________________________________________

2. Saan namasyal ang pamilya ni Mang Joven?

______________________________________________

______________________________________________

3. Bakit sila masaya?

______________________________________________

______________________________________________

4. Ano-ano ang ginawa ng mga bata?

______________________________________________

______________________________________________

# *Suriin*


Pagmasdan ang mga larawan. Alin sa mga ito ang dapat gawin kapag namamasyal ang inyong pamilya? Kulayan.












# Pagyamanin

Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng pagsama-sama ng iyong pamilya sa pamamasyal. Tukuyin mo ang iyong ginagawa bilang bahagi ng pamilya. Iguhit ito sa loob ng kahon.

## *Isaisip*

Ang pagkakabuklod ng pamilya ay nagpapatibay ng samahan ng bawat isa. Ang pagkukuwentuhan ng mga masasayang pangyayari at pamamasyal ng samasama ay may hatid na ligayang walang katulad para sa puso ng bawat kasapi ng pamilya.

## *Isagawa*

Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng pagsasama-sama ng pamilya. Idikit ito sa bondpaper.

## *Tayahin*

Basahin at unawain ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang TAMA kung wastong gawain sa pamamasyal, MALI kung hindi.

_____1. Masayang namamasyal sa parke ang mag-anak ni Mang Joven.

_____2. Sinisira at pinipitas ni Carlos ang mga bulaklak sa parke.


_____3. Pinalo ng nanay si Trisha dahil inaaway nito ang nakababatang kapatid habang naglalaro sa mall.

_____4. Masayang kumakain sa restoran ang mag-anak nina Mang Joel.

_____5. Itinapon at inayos ni Carl ang kanilang pinagkainan sa basurahan pagkatapos kumain sa Sky Park.

## Karagdagang Gawain

Bilang kasapi ng inyong pamilya, isulat sa loob ng puso ang iyong mga nararamdaman kapag sama-sama ang inyong mag-anak sa pamamasyal.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Nanay,tatay at kanilang mga anak
2. Nagkukuwentuhan
3. Sa silid-tanggapan
4. Opo

**Tayahin**

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Mali

**Pagyamanin**

Iguguhit ng bata ang larawan na nagpapakita ng pagsasama-sama ng kanilang pamilya sa pamamasyal at tutukuyin ang kanilang ginagawa

**Suriin:**

Kulayan ang bilang 1 at 3


**Tuklasin**

1. Mang Joven, Aling Teresa, Jaycee, John at Jasmin
2. sa parke
3. Dahil buo ang pamilya sa pamamsyal
4. Nagbibisekleta, nagpapalipad ng sarangola, naglalaro ng jackstone

**Balikan**

1. Maging masaya ang pamilya
2. Upang magkaroon ng oras upang makapag – usap
3. Magkaroon ng pagkakataon na magsama-sama ang mag-anak

# Subukin




1. Sino-sino ang nasa larawan?

2. Ano ang kanilang ginagawa?

3. Saan sila nagkukuwentuhan?

4. Masaya ba ng kanilang mag-anak?

| Aralin 3 | Pagkukuwentuhan ng Masasayang Pangyayari |
| --- | --- |



## Balikan

Lagyan ng tsek (✓) ang dapat mong gawin kapag namamasyal kayo ng iyong pamilya. Lagyan ng ekis (x) ang di dapat gawin.

___________ 1. Itapon sa tamang basurahan ang kalat kapag namamasyal sa parke.

___________ 2. Sundin ang mga babala sa mga pook pasyalan.

___________ 3. Sirain ang mga kagamitan sa mga pook pasyalan.

__________ 4. Awayin ang mga batang naglalaro sa pook-pasyalan.

__________ 5. Maging masunurin sa magulang habang namamasyal.



## Tuklasin

Basahin at unawain ang sitwasyon.

Isa ka sa mga batang laging nangunguna sa klase. Pinagbubuti mo ang iyong pag-aaral kung kaya't lagi kang pinupuri ng iyong mga guro maging ng iyong mga kamag-aral. Ang mga pangyayaring ito ay lingid sa kaalaman ng iyong mga magulang. Ano ang maaari mong gawin upang mapasaya mo sila.

Isulat ang iyong sagot sa patlang.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Suriin

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang <u>Tama</u> o <u>Mali</u>.

__________1. Pagdating ko sa bahay ay ikinukuwento ko sa aking mga magulang ang mga masasayang pangyayari sa aming paaralan.

__________2. Inililihim ko sa aking pamilya ang mga masasayang pangyayari sa aking buhay.

__________3. Masaya akong nakikipagkuwentuhan sa aking pamilya bago matulog.

__________4. Hindi ako nakikinig sa mga kuwento ng aking tatay.

__________5. Malugod kaming nakikinig sa mga kuwento ni nanay sa mga masasayang pangyayari sa kanyang buhay.

## Pagyamanin

Nakatutulong ba sa isang pamilya ang pagkukuwento ng masasayang pangyayari? Ipaliwanag.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Isaisip

Ang pagkakabuklod-buklod ng pamilya ay nagpapatibay ng samahan ng bawat isa. Ang pagkukuwentuhan ng masasayang pangyayari sa ating buhay at pamamasyal ng sama-sama ay may hatid na ligaya sa puso ng bawat kasapi ng pamilya.

## Isagawa

Paano mo napapasaya ang iyong pamilya?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Tayahin

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

_______1. Masayang magkuwento si Dan. Iyon ang kanyang katangian. Pagkagaling niya sa paaralan ay ugali na niyang magkuwento sa kanyang lola tungkol sa mga ginawa niya sa paaralan. Tama ba ang ginagawa ni Dan?

a. Oo      b. Hindi      c. Siguro

_______2. Habang naglalaba si nanay ay masaya itong nagkukuwento kay Shey. Ano ang dapat gawin ni Shey?

a. Huwag pansinin si nanay.
b. Makinig sa kuwento ng nanay.
c. Aalis, dahil sawa na sa mga kuwento ng nanay.

_______3. Pagdating ng nakababata mong kapatid sa inyong bahay agad na nagkuwento ito tungkol sa nangyari sa kanilang paaralan. Ano ang dapat mong gawin?

a. Aalis ako dahil naiinggit ako sa kuwento niya.
b. Makikinig ako sa kuwento niya.
c. Pagagalitan ko siya at sasabihin kong huwag siyang magkuwento.



# Susi sa Pagwawasto

| Tayahin: | Suriin: | Tuklasin: | Balikan: |
|---|---|---|---|
| 1. a | 1. Tama | 1. Ikukuwento ko ang masasayang pangyayari sa paaralan | 1. / |
| 2. b | 2. Mali | | 2. / |
| 3. b | 3. Tama | | 3. X |
| | 4. Mali | | 4. X |
| | 5. Tama | | 5. / |

# Sanggunian

Curriculum Guide 2016

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph